

PAGSUSURI sa Bagong Silang



Mahalagang Impormasyon sa **Pagsusuri sa Bagong Silang** para sa Mga Magulang sa Estado ng Washington



www.doh.wa.gov/NBS

DOH 304-007 July 2020 Tagalog



Newborn Screening Program

Ang Newborn Screening Program (Programa sa Pagsusuri sa Bagong Silang na Sanggol) ay matatagpuan sa Washington State Public Health Laboratories sa Shoreline, Washington. Bawat taon, halos 175,000 sampol ng dugo ang sinusuri ng programa upang tumulong na matuklasan nang maaga ang mga malubhang kondisyon at mabigyan ang mga sanggol sa Washington ng malusog na simula.



Maligayang Bati

sa pagsilang ng iyong sanggol!

Sa iyong pagsisimula ng buhay kasama ang iyong anak, maraming bagay na dapat isaalang-alang. Ang pagsusuri sa bagong silang ay isang mahalagang paraan upang matiyak mo na ang iyong sanggol ay mayroong pinakamalusog na simula.

Ano ang pagsusuri sa Bagong Silang?

Sa pamamagitan ng pagsusuri sa bagong silang, maaaring maiwasan ang mga malubhang problemang pangkalusugan o mailigtas ang buhay ng iyong sanggol. Tumutulong ang pagsusuri sa bagong silang na tukuyin ang ilang bihira at malubhang kondisyong pangkalusugan pagkapanganak. Gamit ang impormasyong ito, makapagsisimula ang mga magulang at doktor ng anumang kinakailangang paggamot bago pa mangyari ang mga nakakapinsalang epekto.



Ang 1 sa bawat 480 bagong silang ay may malubhang kondisyon at nakikinabang mula sa maagang diyagnosis at paggamot salamat sa pagsusuri sa bagong silang.





Paano Ginagawa ang Pagsusuri sa Bagong Silang?

Kumukuha ang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ng ilang patak ng dugo mula sa sakong ng iyong sanggol at inilalagay sa isang espesyal na filter na papel, na tinatawag na card ng pagsusuri sa bagong silang. Ito ay isang ligtas at karaniwang procedure na maaaring gawin sa ospital, klinika, laboratoryo, sentro sa panganganak o sa bahay kasama ng komadrona. Kapag natuyo na ang dugo, dadalhin ang card sa Newborn Screening Program sa Washington State Public Health Laboratories para sa pagsusuri.

Bakit Kailangan ang Pagsusuri sa Bagong Silang?

Ang mga sanggol na mukhang malusog pagkapanganak at nagmula sa malusog na mga pamilya ay maaari pa ring magkaroon ng mga malubhang problemang pangkalusugan. Tinutukoy ng pagsusuri sa bagong silang ang mga karamdaman na ito at tumutulong tiyaking agad na nakukuha ng mga sanggol ang paggamot na kailangan nila para sila ay lumaki nang malusog hangga't maaari. Kung hindi matuklasan ang mga karamdaman na ito nang maaga, maaaring magdulot ang mga ito ng mga problemang pangkalusugan na posibleng magsapanganib ng buhay habang lumalaki ang sanggol.



Sinusuri ang Lahat ng mga Sanggol sa Washington

Ang pagsusuri sa bagong silang ang pinakamabilis na paraan upang tukuyin ang mga bihirang kondisyon na ito bago magkasakit ang sanggol. Upang matiyak na ang mga bagong silang sa Washington ay malusog hangga't maaari, iniaatas ng batas ng estado na magkaroon ng screening (pagsusuri) ang lahat ng mga sanggol na isinilang sa estado bago sila umabot sa edad na dalawang araw. Nagbibigay-daan ito na makuha ng sanggol ang kinakailangang paggamot sa lalong maddaling panahon.

Dapat suriin ang mga sanggol nang dalawang beses.



Ang **unang** kaunting sample ng dugo ay kinukuha pagkapanganak, kapag ang edad ng iyong sanggol ay nasa isa hanggang dalawang araw. **Kritikal ang screening na ito sa pagtukoy ng mga malalang klase ng mga kondisyon.**



Ang **ikalawang** sample ay karaniwang kinukuha sa well-child na pagbisita, kapag ang edad ng iyong sanggol ay isa hanggang dalawang linggo. **Ang screening na ito ay tutulong sa pagtuklas ng mga kondisyon na hindi nakikita pagkapanganak.**





Paano Ko Malalaman ang Mga Resulta ng Screening ng Aking Sanggol?

Hilingin sa tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ng iyong sanggol ang mga resulta ng pagsusuri sa bagong silang. Dapat maipaalam ang mga resulta sa ospital, klinika, lab, o midwife na nag-sumite ng eksamen para sa pagsusuri ng iyong sanggol sa loob ng isang linggo. Mas maagang makikipag-ugnayan ang Newborn Screening Program sa tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ng iyong sanggol kung may mga agarang alalahanin.

Ano ang Ipapaalam sa Akin ng Pagsusuri sa Bagong Silang?

Karamihan ng mga resulta ng pagsusuri sa bagong silang ay normal. Ang resulta na **positibo**, **abnormal**, o **hindi pa malinaw o sapat** ay nangangahulugan lamang na maaaring mayroong isa sa mga kondisyon ang iyong sanggol. Mangangailangan ng mga karagdang pagsusuri upang makagawa ng huling pagtukoy. Makikipagtulungan ang Newborn Screening Program sa iyo, sa tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ng iyong sanggol, at mga doktor na dalubhasa sa paggamot ng mga kondisyon na ito upang masiguro na may pinakamainam na pangangalaga ang iyong anak.

Tumpak na tumpak ang mga eksamen para sa pagsusuri sa bagong silang, ngunit walang eksamen para sa pagsusuri na perpekto. Kung mukhang hindi mabuti ang kalagayan ng iyong sanggol o may mga tanong ka tungkol sa mga resulta mula sa pagsusuri sa bagong silang ng iyong sanggol, mangyaring makikipag-ugnayan sa tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ng iyong sanggol.

Paano Ginagamot ang Mga Karamdaman na Ito?

Magkakaiba ang bawat karamdaman. Ang ibang karamdaman ay ginagamot sa pamamagitan ng espesyal na diyeta at ang iba naman ay sa pamamagitan ng mga gamot o ibang mga medikal na serbisyo, tulad ng physical therapy o operasyon. Nagbibigay-daan ang maagang paggamot sa pagkakaroon ng pinakamainam na oportunidad para sa malusog na paglaki at pag-unlad ng iyong sanggol.



.....

Magkano ang Screening?

Mayroong isang beses na bayarin na sumasaklaw sa screening na ginagawa sa Estado ng Washington. Karaniwan, kasama na ang bayarin na ito sa iba pang mga gastos sa panganganak sa ospital. Gayunpaman, maaaring maningil ng karagdagang bayad ang ilang medikal na pasilidad para sa pagkolekta ng sampol ng dugo. Karaniwang sinasaklaw ng insurance o seguro ang mga bayarin na ito.

Bisitahin ang website ng Newborn Screening Program para sa kasalukuyang bayarin at karagdagang impormasyon: doh.wa.gov/NBS/ScreeningCost

Anong Ginagawa sa Mga Sampol ng Dugo?

Alinsunod sa batas ng estado, tinatago ang mga card ng pagsusuri sa bagong silang sa protektadong pasilidad sa loob ng 21 taon at pagkatapos ay sinisira. Maaaring gamitin ng lab ang mga sampol ng dugo upang mapabuti ang pag-eksamen para sa pagsusuri sa bagong silang. Walang gagamiting impormasyong makakatukoy sa pagkakakilanlan nang walang nakasulat na pahintulot mula sa magulang o tagapag-alaga. Maaari mong hilingin na sirain ang sampol ng iyong sanggol sa anumang oras pagkatapos makompleto ang pagsusuri sa bagong silang.

Bisitahin ang website ng Newborn Screening Program para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga patakaran sa pagkapribado: doh.wa.gov/NBS/PrivacyPolicies



Maaari Ba Akong Tumangging Gawin ang Pagsusuri sa Bagong Silang sa Aking Anak?

Dahil sa kahalagahan ng pag-iwas sa mga nakapanlumong epekto ng mga kondisyon na ito, maaari lamang tumanggi ang mga magulang sa pagsusuri sa bagong silang ng kanilang sanggol kung ito ay sumasalungat sa kanilang mga paniniwala o mga gawi sa relihiyon. Upang tumanggi sa pagsusuri sa bagong silang sa mga kadahilanang iyon, dapat pirmahan ng magulang o tagapag-alaga ang refusal section (seksiyon sa pagtanggi) sa likod ng screening card at ipadala ito sa Newborn Screening Program sa Washington State Public Health Laboratories.



Anong Mga Disorder ang Tinutukoy ng Pagsusuri sa Bagong Silang?

Ang mga pagsusuri sa bagong silang ay tumutulong tukuyin ang mga sumusunod na kondisyon. Maaari kang matuto nang higit pa sa doh.wa.gov/NBS/disorders

Mga Amino Acid Disorder

1 SA 10,000 PANGANGANAK

Nakakaapekto ang mga disorder (karamdaman) na ito sa kakayahan ng katawan na gamitin ang ilang bahagi ng pagkain na tinatawag na mga amino acid para sa paglaki at enerhiya. Nagdudulot ito ng pag-ipon ng mga sangkap sa katawan at lubhang makaapekto sa kalusugan, paglaki, at pagkatuto, at kung minsan ay nagreresulta sa kamatayan.

- Argininosuccinic acidemia (ASA)
- Citrullinemia (CIT)
- Homocystinuria (HCY)
- Maple syrup urine disease (MSUD)
- Phenylketonuria (PKU)
- Tyrosinemia type I (TYR-I)

Mga Fatty Acid Oxidation Disorder

1 SA 11,000 PANGANGANAK

Hindi magamit ng mga sanggol na may fatty acid oxidation disorder ang taba sa katawan para sa enerhiya. Maaari itong magdulot ng matinding pinsala sa puso, atay, at iba pang bahagi ng katawan. Kung hindi ito magagamot, maaari itong magresulta sa mga malubhang problema sa kalusugan at kung minsan ay kamatayan.

- Carnitine uptake deficiency (CUD)
- Long-chain L-3-hydroxy acyl-CoA dehydrogenase (LCHAD) deficiency
- Medium-chain acyl-CoA dehydrogenase (MCAD) deficiency
- Trifunctional protein (TFP) deficiency
- Very-long chain acyl-CoA dehydrogenase (VLCAD) deficiency

Mga Organic Acid Disorder

1 SA 29,000 PANGANGANAK

Hindi kayang tunawin ng mga sanggol na may mga organic acid disorder ang ilang bahagi ng protina na natatagpuan sa pagkain. Maaaring maipon sa katawan ang mga nakakapinsalang sangkap at magkaroon ng mga malubhang epekto sa kalusugan, paglaki, at pagkatuto, at maaaring magdulot ng kamatayan.

- 3-hydroxy-3-methylglutaric aciduria (HMG)
- Beta-ketothiolase deficiency (BKT)
- Glutaric acidemia type I (GA-1)
- Isovaleric acidemia (IVA)
- Methylmalonic acidemias (Cbl A, B and MUT)
- Multiple carboxylase deficiency (MCD)
- Propionic Acidemia (PROP)

Mga Lysosomal Storage Disorder

1 SA 32,000 PANGANGANAK

Hindi kayang tunawin ng mga sanggol na may mga lysosomal storage disorder ang mga asukal at taba mula sa pagkain. Maaari itong magdulot ng pag-ipon ng mga toxin (toksina o lason) sa katawan at magsanhi ng mga problema sa utak, mga buto, mga kalamnan, o puso ng sanggol.

- Mucopolysaccharidosis type I (MPS-I)
- Glycogen storage disease type II (Pompe)

Mga Karamdaman sa Endocrine System

Congenital hypothyroidism (CH)

1 SA 950 PANGANGANAK

Ang mga sanggol na may congenital hypothyroidism ay hindi nakakagawa ng sapat na thyroid hormone para sa malusog na paglaki at pag-unlad. Kung hindi ito magagamot, nagdulot ito ng malalang kapansanang pangkaisipan at mga problema sa paglaki.

Congenital adrenal hyperplasia (CAH)

1 SA 14,000 PANGANGANAK

Ang mga sanggol na may congenital hyperplasia ay hindi makagawa ng sapat na rami ng hormone na kailangan para sa malusog na paggana ng katawan. Maaaring makaranas ang mga sanggol na ito ng mga pasumpung-sumpung at mapanganib sa buhay na dehydration (pagkatuyo o kakulangan ng tubig sa katawan) at coma. Maaaring magkaroon ng hindi normal na ari ang mga babaeng sanggol.

Iba Pang Mga Disorder

Sickle cell and Hemoglobinopathies (HGB)

1 SA 4,700 PANGANGANAK

May abnormal na mga red blood cell (pulang selula ng dugo) ang mga sanggol na may sickle cell disease o iba pang hemoglobinopathy (abnormalidad sa hemoglobin ng dugo). Hindi maidala nang maayos ng mga selula ng dugo ang oxygen papunta sa iba't ibang bahagi ng katawan. Maaaring magdulot ang mga karamdamang ito ng madalas na impeksiyon, matinding kirot, anemya, at iba pang mga komplikasyon.

Cystic fibrosis (CF)

1 SA 5,500 PANGANGANAK

Nagkakaroon ng mahinang paggana ng baga at may problemang malnutrisyon ang mga sanggol na may cystic fibrosis. Nagdudulot ito ng mga malubhang problemang pangkalusugan at pinaikling buhay.

Biotinidase deficiency (BIO)

1 SA 86,000 PANGANGANAK

Hindi magamit ng mga sanggol na may biotinidase deficiency (kakulangan) ang mahalagang bitamina na tinatawag na biotin. Kung hindi ito magagamot, nagdudulot ito ng mga pantal, pagkawala ng pandinig, mga seizure at pagkaantala ng pagkatuto.



Galactosemia (GALT)

1 SA 11,000

PANGANGANAK

Hindi matunaw ng mga sanggol na may galactosemia ang galactose, ang asukal na nasa gatas. Kapag umiinom ng gatas ang mga sanggol, kabilang ang gatas ng ina, naiipon ang galactose sa katawan at maaari itong magdulot ng pagkabalug, pinsala sa utak, o kamatayan.

Severe combined immunodeficiency (SCID)

1 SA 88,000

PANGANGANAK

Ang mga sanggol na may severe combined immunodeficiency ay ipinanganak nang walang gumaganang immune system. Hindi nila kayang labanan ang mga mikrobyong nagdulot ng karamdaman at kahit ang mga pinakakaraniwang impeksiyon ay maaaring maging mapanganib sa buhay.

Atropiya ng kalamnan sa gulugod (SMA)

1 SA 15,000

PANGANGANAK

Ang mga sanggol na may SMA ay nawawalan ng mga selula ng nerbiyo para sa paggalaw sa kanilang kordon ng gulugod (spinal cord). Kapag hindi makapagpadala ng mensahe ang mga selula na ito sa kalamnan (muscle), hindi na gumagana ang mga ito. Maaaring bahagya o malala ang SMA. Kung walang paggamot, maaaring magdulot ang SMA na malaktawan ang mga tagumpay sa paggalaw, kahirapan sa paghinga o pagkain, at maging ng pagkamatay.

X-linked adrenoleukodystrophy (X-ALD)

1 SA 17,000

PANGANGANAK

Hindi matunaw ng mga sanggol na may X-ALD ang ilang taba sa katawan. Naiipon ang mga ito at nagdulot ng pinsala sa nerbiyo, na nagdulot ng mga problema sa pagkatuto, kahinaan ng kalamnan, coma, at kamatayan. Karaniwang naapektuhan ng X-ALD ang mga lalaki, ngunit ang mga babae ay maaaring magkaroon ng mga sintomas kapag nasa hustong gulang na at maaaring maipasa ang X-ALD sa kanilang mga anak.



Niligtas ng pagsusuri sa bagong silang ang buhay ko.

“Noong ako ay ipinanganak, natuklasan ng teknolohiyang ito ang congenital metabolic disorder na tinatawag na hypothyroidism. Isinilang ako nang walang bagay na nagbabadya para sa abnormalidad na ito na maaaring naging mapinsala sa aking paglaki at pag-unlad kung hindi ako nagkaroon ng diyagnosis at nagamot sa ilang oras pagkapanganak. Kung walang pagsusuri sa bagong silang, hindi sana ako lumaki nang matangkad tulad ngayon, hindi nakapunta sa kolehiyo, at hindi nakalahok sa kompetensiya bilang atleta. Hinihikayat ko ang bawat pamilya na samantalahin ang simple, napapanahon at nagliligtas-buhay na pagsusuring ito at pasalamatan ang mababait na kawani sa ospital at sa Public Health Laboratories na nagpapatupad ng proseso ng pagsusuri sa bagong silang. Habambuhay akong nagpapasalamat sa trabahong ginagawa ng mga taong ito.”

—Aidan, natuklasan na may congenital hypothyroidism sa pamamagitan ng Pagsusuri sa Bagong Silang ng Estado ng Washington noong 1998






Listahan para sa Pagsusuri sa Bagong Silang

- Tiyakin na ang sampol ng dugo para sa pagsusuri sa bagong silang ay nakuha pagkapanganak.
- Siguruhin na mayroon ang ospital at midwife mo ng tamang numero ng telepono at address para makipag-ugnayan sa iyo.
- Pumili ng tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan para sa pangangalagang pambata sa iyong sanggol at ibigay ang impormasyon nila sa iyong ospital o midwife.
- Dalhin ang iyong sanggol kapag siya ay isa hanggang dalawang linggong gulang na para sa well-child na pagbisita upang gawin ang kanilang ikalawang pagsusuri sa bagong silang.
- Hilingin sa tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ng iyong sanggol ang mga resulta ng pagsusuri sa bagong silang.
- Sundin ang anumang tagubilin para sa mga karagdagang pagsusuri, appointment, o follow up na pangangalaga.

Mayroong Ibang Mga Screening na Available para sa Iyong Sanggol

May ibang mga isyu sa kalusugan na maaaring suriin para sa iyong anak, tulad ng mga kritikal na depekto sa puso mula sa pagkapanganak at pagkawala ng pandinig. Para sa karagdagang impormasyon sa screening para sa mga depekto sa puso, makipag-ugnayan sa iyong pangmedikal na provider, at para sa impormasyon sa screening sa pandinig, pumunta sa doh.wa.gov/earlyhearingloss.





Newborn Screening Program
P.O. Box 55729
1610 NE 150th Street
Shoreline, WA 98155-0729

Telepono: (206) 418-5410
Walang Toll: (866) 660-9050
Fax: (206) 363-1610
Email: NBS.Prog@doh.wa.gov
Website: www.doh.wa.gov/NBS

Available sa aming website sa mga sumusunod na wika:

አማርኛ – Amharic – Amharico | العربية – Arabic – Arabe | 中文 – Chinese – Tsino |
日本語 – Japanese – Hapon | ភ្នំពេញ – Cambodian (Khmer) – Khmer |
한국어 – Korean – Koreano | ਪੰਜਾਬੀ – Punjabi – Punjabi |
Русский – Russian – Ruso | Af-soomaali – Somali – Somali |
Español – Spanish – Espanyol | Tagalog – Tagalog | Українська –
Ukrainian – Ukranyo | Tiếng Việt – Vietnamese – Biyetnames

Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang anyo o format, tumawag sa 1-800-525-0127. Mangyaring tumawag ang mga customer na may kapansanan o kahirapan sa pandinig sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov.

Ang gawaing ito ay sinusuportahan ng Association of Public Health Laboratories (Samahan ng mga Laboratoryo para sa Pamublikong Kalusugan) sa pamamagitan ng Health Resources and Services Administration (HRSA, Yamang Pangkalusugan at Administrasyon ng Mga Serbisyo) ng U.S. Department of Health and Human Services (HHS, Kagawaran ng Kalusugan at Mga Serbisyon Pantao) sa ilalim ng grant na may numerong # UG9MC30369 New Disorders Implementation Project (Proyekto sa Pagpapatupad Kaugnay sa Mga Bagong Karamdaman) sa halagang \$4,000,000. Ang impormasyon o nilalaman at mga konklusiyong ito, gayundin ang anumang pag-endoso, ay mula sa may-akda at hindi dapat ituring na opisyal na pahayag o patakaran ng HRSA, HHS, o Pamahalaan ng U.S.